LUNGSOD NG LONG BEACH
IMPARSYAL NA ANALISIS NG MEASURE BB MULA SA CITY ATTORNEY

AMYENDA NG CHARTER PARA SA KONSOLIDASYON NG MGA DEPARTAMENTO NG TUBIG AT GAS NG LONG BEACH

Nuong Agosto 9, ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay isinalugar ang Measure BB sa balota. Itong measure ay para amyendahan ang Articles XIV at XV ng Charter ng Long Beach nang mapagsamasama ang tubig, imbornal, gas sa isang departamento, pinangangasiwaan ng Long Beach Board of Water Commissioners. Ang Long Beach Board of Water Commissioners ay magiiba ng pangalan bilang Long Beach Board of Public Utilities Commissioners, at ang Long Beach Water Department ay magiging the Long Beach Public Utilities Department.

Ililipat ng measure na ito ang administrasyon at control ng gas utility mula sa Konseho ng Lungsod sa Board of Public Utilities Commissioners, kasama ang awtoridad na taasan ang presyo at singil kaugnay sa mga probisyon ng natural na gas. Itong measure ay di maapektuhan ang tagubilin ng Charter na ang mga presyo at singil para sa ga ay kadalasan base sa kasalukuyang presyo na sinisingil ng ibang mga gas utilities sa Southern California. Itong measure ay di mag-aamyenda sa kasalukuang mga limitasyon ng paglipat mula sa tubig, imbornal at pondo ng gas, ayon sa pondo ng Lungsod.

Ang ibang mga utilities ng munisipyo ay maaaring maidagdag sa hurisdiksyon ng Board of Public Utilities Commissioners sa aksyon ng Konseho ng Lungsod. Itong measure ay di makaka-apekto sa anumang kontrata o obligasyon ng Long Beach Water Department. Itong measure ay di maka-apekto sa pagkakakasali o tuntunin ng opisina ng mga kasalukuyang Komisyoner.

Ang mga hinaharap na mga General Manager ng Public Utilities Department ay pipiliin ng Board of Public Utilities Commissioners at ng City Manager, at pagkatapos magsisilbi sa Komisyon.

Itong measure ay gagawa din ng mga pagbabago sa to Articles III, V, XIV, XV, XVII, XVIII, and XX ng City Charter Nang masalamin ang pagbago ng pangalan ng Komisyon, para mabago ang lumang mga pagsangguni, at nang mas mabuting masalamin ang pagunlad ng mga pinakamahusay na pagsasagawa ng operasyon para sa mga utilities ng munisipyo.

Kung aprubahan ng mga botante, itong measure ay agad maipapatupad, ngunit inaasahang ang aktwal na proseso ng konsolidasyon ay aabot ng ilang buwang bago makompleto.

Ang potensyal na epektong piskal na kaugnay sa measure na ito ay hindi malinaw, ngunit inaasahang ang konsolidasyon ay magreresulta sa mas mataas na kahusyang nga operasyon at bilang resulta, maaaring mapababa ang gastos sa malaong panahon.

Ang pagboto ng “oo” ay pabor sa konsolidasyon ng tubig, imbornal at gas ng munisipyo sa isang departamento. Ang “hindi” ay hindi sang ayon sa konsolidasyon ng tubig, imbornal at gas ng munisipyo sa isang departamento. Ang karamihan na “oo” na boto ay kinakailangan para maipasa ang measure.

Ang pahayag sa itaas ay isang imparsyal na analisis ng Measure BB. Kung nais mo ng kopya ng Measure, tumawag sa Elections Official's office at (562) 570-6101 at isang kopya na libre ay ipapadala sa iyo.

CHARLES PARKIN
Long Beach City Attorney